



09 MAR 2022

FDA ADVISORY
No. 2022-0484-A

PARA : **SA LAHAT NG HEALTHCARE PROFESSIONALS AT SA PUBLIKO**

PAKSA : **Babala sa Publiko tungkol sa Paggamit ng mga sumusunod na Beripikadong Pekeng Gamot na:**

1. Ibuprofen (Medical® Advance) 200 mg Capsule
2. Paracetamol (Biogesic®) 500 mg Tablet
3. Naproxen Sodium (Flanax Forte) 550 mg Tablet

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na beripikadong pekeng gamot:




Figure 1. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit Ibuprofen (Medical® Advance) 200 mg Softgel Capsule (Lot No. E050800)



AUTHENTIC



COUNTERFEIT



Counterfeit – Ang *knurling*, security mark at print appearance ay hindi tugma sa Unilab standard.

Figure 2. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peko/Counterfeit Paracetamol (Biogesic[®] Forte) 500 mg Tablet (Lot No. 20664260)

AUTHENTIC



COUNTERFEIT



Counterfeit – Ang *batch number* ay hindi ginawa para sa Taisho Pharmaceutical (Philippines), Inc.

Figure 3. Paghahambing sa Tunay/*Authentic* at Peke/*Counterfeit* Naproxen Sodium (Flanax Forte) 550 mg Tablet (Lot No. TFFUK620)

Ang lahat ng *healthcare professionals* at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng mga nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA.


Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng mga pekeng gamot na nagtataglay ng mga nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa *Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on Counterfeit Drugs*. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Ang lahat ng establisyemento at/o entidad ay binabalaang huwag mamahagi ng nasabing ilegal na produkto hanggang sa ito ay mabigyan ng kaukulang awtorisasyon. Karampatang parusa ay mahigpit na ipatutupad sa mga lalabag. Ugaliing tignan kung rehistrado ang produkto sa FDA sa pamamagitan ng *FDA Verification Portal feature* na makikita sa <http://verification.fda.gov.ph>.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units (LGUs) and Law Enforcement Agencies (LEAs)* na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-email sa info@fda.gov.ph. Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamot, mag-email sa ereport@fda.gov.ph. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.


DR. OSCAR G. GUTIERREZ, JR.
Officer-in-Charge, Director General

DTN:



20220228074950